**Dapat Ilathala Kaagad | Abril 22, 2021**

# Ang Kensington neighbourhood residents na 40-taong-gulang at mas matanda ay eligible para sa COVID-19 vaccination (Kensington neighbourhood residents 40 years of age and older eligible for a COVID-19 vaccination)

**Vancouver, BC –** Bilang bahagi ng B.C.  COVID-19 Immunization Plan para sa mga neighbourhood na binibigyan ng priyoridad, ang Vancouver Coastal Health (VCH) ay mag-aalok ng targeted vaccinations para sa mga taong 40-taong-gulang at mas matanda na naninirahan sa Kensington neighbourhood ng Vancouver. Batay sa pinakabagong data, ang lugar ng Kensington ay na-identify bilang isang high-priority community at ang programang ito ay magbibigay ng karagdagang proteksyon laban sa malubhang sakit at hospitalization para sa mga taong 40-taong-gulang at mas matanda na nasa mga komunidad na ito.

Ang Kensington area residents na 40-taong-gulang at mas matanda (ipinanganak noong 1981 o bago pa noon) ay hinihikayat na mag-book ng kanilang appointment gamit ang provincial online platform o kaya call centre (1-833-838-2323). May karagdagang impormasyon sa: gov.bc.ca/neighbourhoodplan.

Patuloy pa rin ang provincial registration para sa COVID-19 vaccine para sa mga ipinanganak noong 1991 o bago pa noon (30-taong-gulang at mas matanda). Ang mga taong ipinanganak noong 1958 o bago pa noon (63-taong-gulang at mas matanda), mga Indigenous na kataong ipinanganak noong 2003 o bago pa noon (18-taong-gulang at mas matanda), at mga taong extremely vulnerable (lubos na maaring magkasakit) ay kasalukuyang iniimbitang mag-book ng appointment upang mabakunahan bilang bahagi ng Immunization Plan ng B.C. Ang impormasyon para malaman kung paano mag-register para sa isang appointment ay mahahanap dito.

Mangyaring i-check ang inyong nakaiskedyul na petsa, oras, at lokasyon ng appointment, dumating sa oras para sa inyong appointment, at iwasan ang dumating nang maaga. Magsuot ng shirt o pang-itaas na may maikling manggas dahil kayo ay babakunahan sa inyong braso. Imomonitor kayo nang 15 minuto pagkatapos ninyo matanggap ang inyong bakuna.

Ang Vancouver Coastal Health ang may pananagutan para sa pamamahagi ng community, hospital, at long-term care na nagkakahalaga ng $4.1 bilyon, sa mga komunidad tulad ng Richmond, Vancouver, North Shore, Sunshine Coast, Sea to Sky corridor, Powell River, Bella Bella, at Bella Coola. Ang VCH ay namamahagi rin ng specialized care at mga serbisyo para sa mga tao sa buong B.C., at ito rin ang pinaka-sentro ng edukasyon at research ng province para sa pangangalaga sa kalusugan.

###